Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro

HALAW SA KATITIKAN NG ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG DISYEMBRE 1, 2015 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

WALA

x-------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 15-12-138

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG HELEN MACAVENTA FALLARIA-CONTRERAS, ISANG ULIRANG ASAWA AT INA AT ISANG INSPIRASYON NG BAWAT PILIPINANG MAYBAHAY**

**"SAPAGKAT,** si Gng. Helen Macaventa Fallaria-Contreras ng Barangay Campaasan, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay noong araw ng Huwebes, ika-26 ng Nobyembre, 2015 dahil sa isang malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Ate Helen ay naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ng mahigit na dalawamput apat (24) na taon bilang Day Care Worker na kung saan ang kanyang malasakit at pagmamahal sa mga bata ay nakita at naramdaman sa kanyang pagiging matiyaga sa pagtuturo upang maihasik sa bawat isa ang karunungang dapat taglayin at kamtin tungo sa isang matatag, mapayapa at masaganang buhay na siya ngayong tinatamasa ng kanyang mga mag-aaral noon;

**"SAPAGKAT,** matapos magretiro noong Disyembre 31, 2004, si Ate Helen ay nagpatuloy sa paglilingkod sa bayan at sa kapwa, dahil siya ay naihalal bilang Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Asosasyon ng mga Katandaan na sa panahong ito at sa tulong ng Pamahalaang Bayan ay naisulong ang ibat-ibang programang nagpasigla at nagpatingkad ng kontribusyon ng mga matatanda sa pamilya at lipunan kasabay ang pagkamit ng maraming benepisyong nararapat para sa kanila na nagdulot ng kagalakan dahil nadama nila ang pagmamahal at pagpapahalaga sa kabila ng kanilang kahinaan;

**"SAPAGKAT,** sa mahabang panahon na ginugol niya sa paglilingkod sa bayan at lipunan, matagumpay pa rin niyang nagampanan ang pagiging mabuting maybhay at ina sa kanyang apat (4) na anak at napanatili pa rin niya ang kaayusan at pangangalaga sa sarili hanggang sa mga huling araw na siya namang hinangaan sa kanya;

**"SAPAGKAT",** ang pagyao ni Ate Helen ay nagdulot ng kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan, subalit, ang iniwan niyang masayang alala ay mananatili sa isipan at damdamin ng bawat isa at higit sa lahat, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng mapagpalang Kamay ng Poong Maykapal na siyang lumikha ng lahat; **KUNG KAYA'T DAHIL DITO;**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Helen Macaventa Fallaria-Contreras, isang ulirang asawa at ina at isang inspirasyon ng bawat Pilipinang maybahay;

**SA MUNGKAHI** *ng lahat ng mga konsehales, ang kapasyahang* ito ay . . .

**PINAGTIBAY":** Disyembre 1, 2015, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

| | |
|---|---|
| **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>Konsehal | **KGG. GIDEON B. ABUEL**<br>Konsehal |
| **KGG. EMELITA A. OSORIO**<br>Konsehal | **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>Konsehal |
| **KGG. SENEN C. FAMILARA**<br>Konsehal | **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>Konsehal |
| **KGG. DENNES M. FANER**<br>Konsehal | **KGG. RAMON G. MAGBANUA**<br>Konsehal |
| **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Brgy. | **KGG. TULAY M. CARING**<br>IPs Representative |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa: 12-4-15

CamScanner